GOSPEL DEMONSTRATED

FILIPINO **WEEK 6**

# Pananampalataya at Pagtitiyaga sa Oras ng Paghihirap

## WARM-UP

- Sumali ka na ba sa isang paligsahan? Paano ka naghanda para dito?
- Ano ang isang produkto o kaya ay kaganapan na matagal mong inabangan? Ano ang ginawa mo habang ikaw ay naghihintay?
- Ibahagi ang isang panahong may mahirap kang pinagdaanan. Ano ang nangyari?

## WORD

*[10]Tularan ninyo ang pagtitiyaga at pagtitiis ng mga propeta na mga tagapagsalita ng Panginoon. [11]Hindi ba't itinuturing nating mapalad ang mga taong nagtitiis? Alam ninyo ang tungkol sa pagtitiis ni Job, at alam naman ninyo kung paano siya tinulungan ng Panginoon sa bandang huli. Sadyang mabuti at maawain ang Panginoon.* **SANTIAGO 5:10,11**

(Basahin din ang **SANTIAGO 5:7-18.**)

Sinimulan ni Santiago ang liham niya sa mga Kristiyanong Hudyo sa pagsabing *nagdudulot ito (mga pagsubok) ng katatagan sa inyong pananampalataya.* Tinapos naman niya ang kanyang liham sa pagsabing *hindi ba't itinuturing nating mapalad ang mga taong nagtitiis?* Nagkakaroon tayo ng katatagan sa ating pananampalataya sa pamamagitan ng tugon natin sa pagsubok at paghihirap. Kung gayon, habang nanatili tayong matatag sa ating pananampalataya, ipinakikita natin sa iba ang pag-asa na mayroon tayo sa ebanghelyo. Inilarawan ni Santiago ang tatlong dapat nating maging tugon sa paghihirap.

## 1 Maging matiyaga.

*[7]Mga kapatid, maging matiyaga kayo hanggang sa pagdating ng Panginoon. Pagmasdan ninyo ang magsasaka: matiyaga niyang hinihintay ang unang pag-ulan. At pagkatapos niyang magtanim, matiyaga rin siyang naghihintay sa susunod na ulan at anihan. [8]Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob dahil nalalapit na ang pagdating ng Panginoon.*
**SANTIAGO 5:7,8**

Para sa mga magsasaka, ang ulan ay pera. Makakakain at makakapagbenta lamang sila kung uulan at lalago ang kanilang mga pananim. Sinabi ni Santiago na dapat tayong maging matiyaga at manatiling matatag, *dahil nalalapit na ang pagdating ng Panginoon*. Ang mga magsasaka ay naghihintay sa isang bagay na walang katiyakan. Kaya nating magtiyaga dahil ang hinihintay natin ay may katiyakan. Sinasabihan ka ba ng Diyos na magtiyaga sa isang bagay kahit pa sa gitna ng paghihirap? Magkuwento tungkol dito.

## 2 Tumingin sa Diyos.

*Hindi ba't itinuturing nating mapalad ang mga taong nagtitiis? Alam ninyo ang tungkol sa pagtitiis ni Job, at alam naman ninyo kung paano siya tinulungan ng Panginoon sa bandang huli. Sadyang mabuti at maawain ang Panginoon.* **SANTIAGO 5:11**

Tayo ay nananatiling matatag sa gitna ng paghihirap kung tayo ay nakatuon sa Diyos. Nagsalita si Santiago tungkol kay Job, na dumaan sa napakaraming paghihirap subalit patuloy na nanalig sa Diyos. Kung sino ang Diyos ay mas mahalaga pa sa katatagan ni Job. Ang Diyos ay *mabuti at maawain*, at mayroon Siyang plano at layunin sa ating mga buhay. Paano tumugon si Job sa Diyos ayon sa Job 42:2-6?

## 3 Manalangin nang may pananampalataya.

*[16]. . . Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid, [17]katulad ni propeta Elias. Tao rin siyang tulad natin. Mataimtim siyang nanalangin na huwag umulan, at hindi nga umulan ng tatlo't kalahating taon. [18]At nang nanalangin siya para umulan, bumuhos ang ulan, at namunga ang mga pananim.* **SANTIAGO 5:16-18**

(Basahin din ang **SANTIAGO 5:13-15.**)

Kaya nating maging matiyaga dahil alam natin na paparating na ang araw ng Panginoon. Kaya nating umasa sa Diyos dahil alam nating Siya ay mabuti at maawain, at may plano at layunin Siya para sa atin. Sa kabila nito, hindi tayo dapat huminto dito. Pinaalalahanan tayo ni Santiago na *malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid. Ang propetang si Elias ay isang tao lamang gaya natin, subalit ang panalangin niya ay nagpahinto ng pag-ulan* nang mahigit tatlong taon. Ano ang sinasabi sa Mga Hebreo 11:7,8 tungkol sa pananalangin at pamumuhay nang may pananampalataya?

.................................................................................................

.................................................................................................

## APPLICATION

- Naniniwala ka bang ang Diyos ay may plano at layunin sa buhay mo? Paano mo magagawang lumalim sa pagkakaunawa mo dito simula ngayon?
- May bahagi ba ng buhay mo na sinasabihan ka ng Diyos na ipanalangin mo nang may pananampalataya? Paano ka masasanay na lagi itong ipanalangin ngayong linggo?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na may mahirap na pinagdadaanan? Paano mo sila maaanyayahang magtiyaga na hintayin ang gagawin ng Diyos at kumilos nang may pananampalataya ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa plano at layunin Niya para sa buhay mo. Ipanalangin na patuloy Niyang ipakita ito sa iyo habang patuloy kang nagtitiwala at sumusunod sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na kumilos nang may pananampalataya sa bahagi ng buhay mo na ipinapakita Niya sa iyo. Ipanalangin na magawa mong manalangin nang may lakas ng loob at manalig na magiging matagumpay ka sa bahaging ito.
- Ipanalangin ang mga pagkakataon upang maka-usap ang iba mong kapamilya o kaibigan na kasalukuyang may mahirap na pinagdaraanan. Ipanalangin at anyayahan silang ibigay ang kanilang tiwala sa Diyos at kumilos nang may pananampalataya ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph